# Gawin ang Iyong Plano sa Pagboto nang Maaga!

Official Information

## Alamin ang Tungkol sa Iyong mga Opsyon sa Pagboto

Ang Los Angeles County Registrar-Recorder/County Clerk (RR/CC) ay nagtataglay ng lahat ng kailangan ninyo para sa **Ika-5 ng Marso na Pampanguluhang Primaryang Halalan**. Hindi pa naging mas mabilis o mas madali na maging botante! Alamin kung paano ka makakapaghanda para sa halalan at gawin ang iyong plano sa pagboto ngayon.

## Paano ako makakapagparehistro para makaboto? Kailan ang deadline ng pagpaparehistro upang makatanggap ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Kung ikaw ay lumipat, bago sa L.A. County, o boboto sa unang pagkakataon, dapat kang online na magparehistro para makaboto bago lumampas ang ika-20 ng Pebrero, 2024 upang makatanggap ng isang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang pinakamadaling paraan upang magparehistro para makaboto ay bisitahin ang PLAN.LAVOTE.GOV. Kung hindi ka umabot sa deadline, maaari ka pa ring magparehistro nang personal sa alinmang Sentro ng Pagboto kapag pumunta ka upang ipatala ang iyong balota.

## Ano ang aking mga opsyon sa pagboto?

Ang L.A. County RR/CC ay nagkakaloob ng iba't ibang mga opsyon sa pagboto upang maging pinakaangkop sa iyong mga pangangailangan. Sa mga ito ay kabilang ang:

### 1. Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo at bumoto nang maaga.

Iwasan ang mga pila at magtipid ng oras! Bawat rehistradong botante sa L.A. County ay padadalhan ng isang balota para sa Pampanguluhang Primaryang Halalan simula sa ika-1 ng Pebrero. Ang gagawin mo lamang ay punuan ito, pirmahan ang Sobre para sa Pagbabalik at ipadala ito pabalik.

### 2. Ihulog sa isang Kahong Hulugan ng Balota.

Bumoto nang maaga nang walang paghihintay! Aabot lamang ng ilang sandali upang ibalik ang iyong balota sa isa sa higit sa 400 opisyal na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota. Humanap ng Kahong Hulugan ng Balota na malapit sa iyo sa PLAN.LAVOTE.GOV.

### 3. Bisitahin ang alinmang Sentro ng Pagboto simula sa ika-24 ng Pebrero.

Hindi ka magiging malayo sa isang maginhawang lugar upang bumoto nang personal! Ang mga botante ng L.A. County ay maaaring magpatala ng kanilang balota sa alinmang Sentro ng Pagboto. Humanap ng isang Sentro ng Pagboto na malapit sa iyo sa PLAN.LAVOTE.GOV at gawin ang iyong plano sa pagboto bago ang Araw ng Halalan.

- ★ Magtipid ng oras sa Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng pagpuno sa iyong Poll Pass! Gamitin itong mabilis, madali at ligtas na online na kasangkapan upang pabilisin ang personal na pagboto sa pamamagitan ng paggawa ng iyong mga pagpili bago ka umalis ng bahay.

## Kailan ko dapat ibalik ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Bumoto nang maaga hanggang magagawa! Ito'y madali, mabilis at maginhawa. Ihulog ang iyong balota sa mail sa iyong daan patungo sa paaralan, trabaho, o maging kapag pinalalakad ang iyong aso. At sa pagboto nang maaga makakatulong ka na tiyakin na mas maraming boto ang mabibilang sa Gabi ng Halalan.

## Ako ay isang botanteng Walang Kinakatigang Partido, makakaboto pa rin ba ako sa Pampanguluhang Primaryang Halalan?

Oo, pero may mga ekstrang hakbang na kailangan mong gawin depende sa Pampanguluhang Primaryang Halalan ng partido na gusto mong bumoto. Upang bumoto para sa isang Pampanguluhang kandidato sa primarya, narito ang iyong mga opsyon:

### Opsyon 1: Humiling ng isang crossover ballot.

Ang ilang partido ay nagpapahintulot sa mga botanteng Walang Kinakatigang Partido na lumahok sa kanilang Pampanguluhang proseso ng pagmungkahi. Kabilang dito ang mga partidong Amerikanong Independiyente, Demokratiko, at Libertaryan. Upang magawa ito, **dapat kang humiling ng isang crossover ballot ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.**

### Opsyon 2: Magparehistro sa isang partido.

Ang mga botanteng nais lumahok sa primarya ng mga partidong Luntian, Kapayapaan at Kalayaan, at Republikano ay dapat magpalit ng kanilang pagpaparehistro patungo sa partidong gusto nila. **Isapanahon dito ang iyong pagpaparehistro bilang botante.**

### Opsyon 3: Balotang Walang Pampanguluhang kandidato.

Kung hindi ka hihiling ng isang crossover ballot o hindi mo isasapanahon ang iyong pagpaparehistro bilang botante, tatanggap ka ng isang di-partidistang balota na walang mga ***Pampanguluhang kandidato***. Lahat ng nakarehistrong botante sa L.A. County ay padadalhan ng isang balota sa unang bahagi ng Pebrero.

## Paano ko masusubaybayan ang aking balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Masusubaybayan mo ang iyong balota sa bawat yugto sa pamamagitan ng kasangkapang **Nasaan ang Aking Balota?** Tatanggap ka ng mga paunawa sa katayuan ng iyong balota sa pamamagitan ng email o tekstong mensahe. Pagkatapos mong ibalik ang iyong balota, bibigyan ka ng paunawa kapag ito ay natanggap na sa opisina ng Tagapagrehistro upang malaman mo na ito isasama sa pagbilang.

Ang L.A. County RR/CC ay ang opisyal na pinagkukunan ng tumpak at walang kinikilingang impormasyon tungkol sa halalan at mga tagapagdulot sa pagboto. Pumunta sa **LAVOTE.GOV** para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng pagboto.

**May mga karagdagang tanong? Kailangan ng tulong?**
**Pumunta sa LAVOTE.GOV o tumawag sa (800) 815-2666**
**para sa karagdagang impormasyon.**

Official Information